



## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

**Mga kamakailang pagbabago:** (mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

**11/22/2021:** Binago upang magdagdag ng mga konektadong (link) pahina ng Mga Madalas na Katanungan (FAQ page) para sa Ordinansa ng Pagpapabakuna ng Lungsod ng LA

**11/2/2021:** Epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ang mga establisyemento ng pagkain at inumin na matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles (LA) ay sasailalim sa Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA. Nagdagdag ng Madalas na Katanungan (FAQ) upang linawin na ang Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA ay hindi nalalapat sa mga negosyo na nagsisiyasat na sa pagpapatunay ng katayuan sa pagpapabakuna bilang pagsunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng LA County.

Ang dokumentong ito ng Mga Madalas na Katanungan (FAQs) ay naghahangad na makatulong sa mga nightclub, lounge, bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak at distilerya sa pagsunod sa [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) ng LA County. Ang Madalas na Katanungang ito (FAQ) ay magagamit sa mga nightclub, lounge, bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak at distilerya na hindi lisensyado bilang mga kumpletong serbisyong restawran.

### PAGPAPATUNAY NG KATAYUAN SA PAGPAPABAKUNA

#### 1. Ano ang mga patakaran sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan at kailan sila magsisimula?

Simula sa Oktubre 7, 2021, ang mga bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak, at distilerya ay dapat na atasan ang mga tumatangkilik 12 taon pataas na magpakita ng patunay ng katayuan sa pagpapabakuna sa COVID-19 ng may kasamang larawang pagkakakilanlan (ID) para makapasok. Sa pagitan ng Oktubre 7 at Nobyembre 3, 2021, ang lahat ng mga tumatangkilik ay dapat na magpakita ng patunay na sila ay tumanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng pagpapabakuna sa COVID-19 para makapasok upang mapagserbisyuhan sa panloob na lugar at upang makilahok sa mga aktibidad sa mga panloob na bahagi ng pasilidad. Simula Nobyembre 4, 2021, ang lahat ng mga tumatangkilik 12 taon pataas ay dapat na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 para makapasok sa loob ng pasilidad para sa panloob na serbisyo at upang makilahok sa mga aktibidad sa mga panloob na bahagi ng pasilidad. Ang mga bata na ang edad ay wala pang dalawa ay may eksempsyon. Dagdag pa rito, simula sa Nobyembre 4, 2021, ang lahat ng mga empleyado sa mismong lugar ay dapat na magpakita sa kanilang amo [employer] ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19.

Simula sa Oktubre 7, 2021, ang mga nightclub at lounge na bukas lamang sa mga taong 18 taong gulang pataas, ay dapat na atasan ang mga tumatangkilik at mga tauhan sa mismong lugar na magpakita ng patunay ng kanilang katayuan sa pagpapabakuna sa COVID-19 ng larawang pagkakakilanlan [ID] para makapasok. Sa pagitan ng Oktubre 7 at Nobyembre 3, 2021, ang mga tumatangkilik ay dapat na magpakita na sila ay tumanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng pagpapabakuna sa COVID-19 para makapasok upang makakuha ng panloob na serbisyo at upang makilahok sa mga aktibidad sa mga panloob na bahagi ng nightclub o lounge. Simula Nobyembre 4, 2021, ang lahat ng mga tumatangkilik ay dapat na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 para makapasok sa loob ng pasilidad upang mapagserbisyuhan sa panloob na lugar at upang makilahok sa mga aktibidad sa mga panloob na bahagi ng pasilidad.

Dagdag pa rito, simula sa Nobyembre 4, 2021, ang lahat ng mga empleyado sa mismong lugar ay dapat na magpakita sa kanilang amo [employer] ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19.



## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

### 2. Maaari bang magpakita ng negatibong (dayagnostikong) resulta ng pagsusuri sa COVID-19 na kinuha sa loob ng 72 oras ang mga tumatangkilik na hindi pa nabakunahan o hindi pa kumpletong nabakunahan para makapasok sa pasilidad para sa panloob na serbisyo?

Hindi. Ang negatibong (dayagnostikong) resulta ng pagsusuri sa COVID-19 ay hindi pwedeng patunay bilang alternatibo sa pagpapakita ng patunay ng pagpapabakuna sa COVID-19.

### 3. Ang aking nightclub, lounge, bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak o distilerya ay matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles (LA). Paano nakakaapekto ang Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA sa aming negosyo?

Epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ang mga establisyemento ng pagkain at inumin, kabilang ang mga restawran, bar, establisyemento ng madaliang pagkain (fastfood, kapihan, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak at mga silid sa pagtikim ng distilerya, at kapiterya na matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles (LA City) ay sasailalim sa [Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA](#).

Gayunpaman, ang Ordinansa sa Lungsod ng LA ay tahasang ipinapahayag na ang mga patakaran ng Ordinansa ay hindi lumalapat sa “anumang lokasyon na inaatasan ng Utos ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan (DPH) na magsiyasat ng patunay ng katayuan sa pagbabakuna sa COVID-19 bago ang pagbibigay ng panloob na serbisyo.” Nangangahulugan ito na kung ang iyong nightclub, lounge, bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak o distilerya ay sumusunod na sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng LA County, hindi na sasailalim ang iyong Negosyo sa Ordinansa at sa halip ay dapat na patuloy na sundin ang patakaran sa pagpapabakuna ng [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) ng County.

Ang lahat ng iba pang mga establisyemento ng pagkain at inumin na nakalista sa Ordinansa na matatagpuan sa Lungsod ng LA ay dapat na magrepasso at sumunod sa [Ordinansa ng Lungsod ng LA](#). May mas marami pang impormasyon tungkol sa Ordinansa ng Lungsod ng LA sa [SafePass LA](#) website [at Pahina ng Madalas na Katanungan](#) (FAQ page).

### 4. Sa anong mga lugar ng pasilidad kakailanganing salain ang mga tumatangkilik para sa katayuan ng pagpapabakuna sa COVID-19?

Ang mga tumatangkilik na nakaupo, tumatanggap ng mga serbisyo, o nakikilahok sa mga aktibidad sa mga panloob na bahagi ng negosyo ay dapat na salain para sa o magpakita ng patunay ng kanilang katayuan sa pagpapabakuna sa COVID-19, tulad ng itinakda, bago makapasok sa panloob na bahagi ng negosyo. Ang mga tumatangkilik ay maaaring tumanggap ng mga serbisyo o lumahok sa mga aktibidad sa mga panlabas na bahagi ng negosyo nang hindi sinasala para sa katayuan ng pagpapabakuna.

Ang mga indibidwal na hindi nagpapakita ng patunay ng pagpapabakuna ay maaaring sa limitadong mga pangyayari ay pahintulatang pumasok sa mga panloob na bahagi ng negosyo. Ang mga nasabing indibidwal ay dapat na magsuot ng maskara na akma ang pagkakakasya at maaari lamang pumasok sa pasilidad: 1) Bilang bahagi ng kanilang pagtatrabaho na makagawa ng paghahatid (delivery) o pagkuha (pick up), magkaloob ng serbisyo o pagkukumpuni, o para sa mga layunin ng emerhensya o regulasyon; 2) Upang makarating sa panlabas na bahagi ng pasilidad o upang gumamit ng banyo; at 3) Upang bumili, kumuha, o magbayad para sa pagkain o inumin na “iuuwi” (to go). Sa huling pagkakataong ito, dapat na maghintay sa labas ang mga tumatangkilik para sa kanilang pagkain o inumin na inihahanda para makuha.



## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

### 5. Aatasan ba ang bar na mapatunayan ang pagpapabakuna ng mga tumatangkilik sa loob (indoor patrons) kung mayroong pagkain na inihahain?

Oo. Ang anumang pasilidad na pangunahing nagpapatakbo bilang isang bar ay aatasan na patunayan ang katayuan sa pagpapabakuna ng tumatangkilik. Ang mga pasilidad na ito ay may pahintulot ng pampublikong kalusugan para sa pasilidad ng pagkain na may mababang panganib. Kabilang rito ang mga bar na maaaring magsilbi ng mga meryenda sa lugar ngunit hindi gumagana bilang kumpletong serbisyo at umuupo para kumaing mga restawran. Ang iba pang mga pasilidad sa paglilibang sa gabi na nagsisilbi ng alak, tulad ng mga karaoke bar, ay inaatasan ring sumunod.

**Pagmamay-ari at pagpapahintulot:** Ang mga bar na matatagpuan sa loob ng restawran na pinahihintulutan bilang banayad o mataas na panganib na pinagagana sa ilalim ng parehong pagmamay-ari ay hindi inaatasan na patunayan ang pagpapabakuna.

Ang bar na pinagagana katabi (konektado) ng hiwalay na pinahihintulutang banayad o mataas na panganib na kusina o restawran sa ilalim ng parehong pagmamay-ari kung saan ang putahe ay kinabibilangan ng mga inaalok na pagkain sa “lugar ng bar” na gawa mula sa kusinang iyon ay hindi inaatasan na patunayan ang pagpapabakuna. Ang pagkain ay hindi maaaring ihanda at dalhin mula sa kusina / restawran na hindi konektado sa bar at hindi itinuturing na iisang lugar. Dapat na may pinto na papunta mula sa bar direkta sa hiwalay na pinahihintulutang kusina na nasa ilalim ng parehong pagmamay-ari.

Ang bar na may pahintulot na mababang panganib na restawran na nakahiwalay na gumagana mula sa ibang mga restawran sa mismong lugar ay ay inaatasan na magpatunay ng pagpapabakuna kung nag-aalok ng panloob na kinakain/iniinom sa mismong lugar. Halimbawa, isang puwesto ng serbesa (beer stand) o puwesto ng gawaan ng serbesa [brewing stand] sa loob ng bulwagan na kainan/lugar ng kainan [food court] ay aatasang sumunod sa mga inaatas sa pagpapabakuna para sa pagkain/pag-inom sa mismong lugar.

### 6. Paano malalaman ng mga empleyado kung ano ang katanggap-tanggap na klase ng talaan [record] sa pagpapabakuna? Anong mga mapagkukunan sa pagsasanay (training resources) ang makukuha mula sa County?

Ang mga amo at empleyado ay maaaring sumangguni sa [Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County website sa COVID-19](#) para sa mas marami pang impormasyon. Sa oras ng pagbabagong ito, ang gabay ay matatagpuan sa ilalim ng [“Pagpapatunay ng Pruweba sa Pagpapabakuna sa COVID-19.”](#)

### 7. Kailangan bang itago ng mga empleyado ang talaan [record] ng katayuan sa pagpapabakuna ng tumatangkilik o talaan [record] ng proseso ng pagpapatunay?

Hindi. Sa pagpayag sa bawat tumatangkilik na maupo, tumanggap ng mga serbisyo, o makilahok sa mga aktibidad sa loob ng pasilidad, ang may-ari/pangasiwaan ng pasilidad ay nagpapatunay na ang pasilidad ay wastong pinatunayan ang bawat katayuan sa pagpapabakuna ng bawat panloob na tumatangkilik bago makapasok. Ang negosyo ay sasailalim sa anumang mga multa para sa hindi pagsunod kung ito ay napag-alaman na hindi sumusunod sa wastong proseso ng pagpapatunay ng bakuna.



## **Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya**

### **8. Ano ang inaasahang gagawin ng mga empleyado sa tumatangkilik na hindi nagpakita ng totoong klase (form) ng pagpapatunay sa pagbabakuna?**

Kung ang tumatangkilik ay hindi magpapakita ng totoong patunay ng kanilang pagpapabakuna sa COVID-19 kasama ang kanilang larawang pagkakakilanlan (photo ID), sila ay maaari lamang maupo, mapagsilbihan, o makilahok sa mga aktibidad sa panlabas na bahagi ng pasilidad, kung may maupuan.

Ang mga tumatangkilik na hindi nagpakita ng totoong klase (form) ng pagpapatunay sa pagpapabakuna, ay maaari lamang papasukin sa panloob na lugar kung sila ay nagsusuot ng akmang kasya na pantakip ng mukha at saglit lamang na pumapasok sa panloob na lugar upang: 1) makapunta sa panlabas na lugar o sa banyo; 2) bumili o magbayad sa kahero o 3) kunin ang binili, maging ito man ay kakainin/iinum sa mismong lugar sa panlabas na lugar o hindi sa lugar (ilalabas). Ang mga nasabing tumatangkilik ay hindi maaaring manatili sa panloob na lugar upang tumanggap ng serbisyo o upang makilahok sa mga panloob na aktibidad.

### **9. Ano ang mangyayari kung ang pasilidad ay natagpuang hindi pinapatunayan ang katayuan sa pagpapabakuna ng mga tumatangkilik (patrons) at/o kawani?**

Ang mga inspektor ng kalusugan ng County ay bibisitahin at oobserbahan ang mga operasyon ng mga pasilidad na ito sa mga normal na oras ng negosyo. Kung matutukoy ng inspektor ng kalusugan na ang negosyo ay hindi sumusunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan, (tulad ng hindi pagpapatunay ng katayuan ng pagpapabakuna ng lahat ng mga tumatangkilik) sa paunang pagbisita, ang inspektor ng kalusugan ay idodokumento ang paglabag sa ulat [report] ng inspeksyon at maglalabas ng petsa sa pagsunod (compliance date) kung saan ang mga paglabag ay dapat na itama. Kung sa kasunod na inspeksyon ay wala pa ring pagsunod, isang Administratibong Pagsita na multa sa halaga na \$500 ang ibibigay sa pasilidad, at ang Pampublikong Kalusugan ay patuloy na mag-iinspeksyon para sa pagsunod.

### **10. Inaatas ba ang pagpapatunay ng pagpapabakuna para sa mga pribadong pagdiriwang (private parties) sa mga negosyong ito?**

Oo, ang pagpapatunay ng pagpapabakuna at umiiral na mga patakaran sa pagmamaskara, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna ay lumalapat sa lahat ng mga panloob na pribadong pagdiriwang na ginaganap sa loob ng alinmang mga sumusunod na negosyo: mga bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak, distilerya, nightclub, at lounge.

### **11. Inaatas ba ang pagpapatunay sa pagpapabakuna para sa mga kumukuha [pick-up] ng binili [order]?**

Hindi, ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ay nagpapahintulot ng limitadong pagpunta sa mga panloob na bahagi ng negosyo, na walang pagpapatunay ng katayuan ng pagpapabakuna, para sa mga layunin ng pagkuha ng dadalhin palabas na binili [take-out order]. Bagaman hindi inaatas, para sa mga kinukuhang binili [pick-up order], maaaring piliin ng mga pasilidad na magsala para sa katayuan sa pagpapabakuna bilang pamantayang kasanayan para sa lahat ng mga tumatangkilik na pumapasok sa panloob na lugar.

### **12. Mayroon ba kayong opisyal na karatula na nagsasaad na ang pagpapatunay ng bakuna ay iniaatas ayon sa batas [legal]?**

Ang [karatula ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](#) ay maaaring matagpuan sa [Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan upang Pigiilin ang COVID-19. Gabay para sa mga Negosyo at Amo \(Employers\)](#) na pahina.



## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

### 13. Inaatas pa rin ba ang mga maskara sa mga panloob na lugar (indoors) pagkatapos ng pagpapatunay ng bakuna?

Oo, ang mga maskara ay inaatas pa rin sa mga panloob na lugar (indoors) kahit na nabakuhan na. Maaaring tanggalin ang mga maskara habang aktibong kumakain at umiinom. Ang mga tumatangkilik, kostumer, o bisita ay dapat na maupo sa mesa o nakapuwesto sa nakapirming counter, natiketang upuan, o lugar habang aktibong kumakain o umiinom. Inirerekomenda na ang distansyang pisikal sa pagitan ng magkakaibang partido ay ipatupad upang mabawasan ang panganib ng pagkalat sa mga lugar kung saan ang mga tumatangkilik ay pinahihintulutan na aktibong kumain o uminom.

### 14. Para sa mga kostumer na ang katayuan sa pagpapabakuna ay dati nang napatunayan, tayo ba ay inaatasan pa ring magpatunay nang paulit-ulit?

Oo. Ang katayuan sa pagpapabakuna ay dapat na patunayan sa bawat oras na pumapasok ang tumatangkilik.

## MGA URI NG PASILIDAD NA NAG-AATAS NG PAGPAPATUNAY NG PAGPAPABAKUNA

### 15. Ang isa bang kumpletong-serbisyong restawran na may konektadong bar ay inaatasang magpatunay ng pagpapabakuna sa mga tumatangkilik para makapunta sa panloob na lugar?

Mariing inirerekomenda sa mga restawran na magpatupad ng pagpapatunay ng pagpapabakuna, gayunpaman hindi ito inaatasa para sa mga kumpletong-serbisyong restawran, kahit na iyong may bar na itinuring na bahagi ng restawran. Mangyaring tandaan na ang mga restawran, kasama ang iba pang mga establisyemento ng pagkain at inumin na matatagpuan sa loob ng Lungsod ng Los Angeles (LA City), epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ay sasailalim sa Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA. Ang buong listahan ng mga nasasaklaw na lokasyon at marami pang impormasyon ay makukuha sa [SafePass LA](#) website sa Lungsod ng LA at Pahina ng mga Madalas na Katanungan (FAQ page).

### 16. Ang mga restawran ba na karamihan ay mga sentro ng libangang pampamilya ay inaatasang magpatunay ng pagpapabakuna para sa mga panloob na tumatangkilik (indoor patrons)?

Hindi kung ang pasilidad ay kumpletong-serbisyong restawran. Sa mga pagkakataong ito, ang mga tumatangkilik sa lugar ng libangang pampamilya ay inaasahan na nakamaskara sa lahat ng oras upang tumulong mapababa ang panganib ng pagkakalantad sa loob ng kapaligiran. Mangyaring tandaan na ang mga sentro sa libangang pampamilya na matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles (LA City), epektibo simula Nobyembre 8, 2021, ay sasailalim sa Ordinansa sa Pagpapabakuna sa Lungsod ng LA. Marami pang impormasyon ay makukuha sa [SafePass LA](#) website sa Lungsod ng LA at Pahina ng Madalas na Katanungan (FAQ page).





## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

### MGA EMPLEYADO AT TINANGGAP, PANSAMANTALANG NAGTATANGHAL (PERFORMERS)

#### 17. Sino ang kasama bilang “empleyado”? Aatasan ba ang mga nagtatanghal, kahit na sila ay hindi trabahador ng bar/lounge/nightclub?

Nasasaklaw ng mga empleyado ang lahat ng mga tauhan na regular na nasa mismong lugar sa pasilidad. Kasama rito ang mga tauhan sa bahagi ng harapan ng pasilidad (front of house), mga tauhang nagtatrabaho sa likod (back of house), hindi kumpletong oras [part-time], kumpletong oras [full-time], pana-panahong kawani, at mga nagtatanghal.

Maraming mga negosyo ang maaaring may “mga independyenteng kontraktor” na nagtatrabaho sa mismong lugar, ngunit hindi sila itinuturing na mga empleyado. Gayunpaman, ang Kodigo ng Manggagawa sa Estado ng California [California State Labor Code] ay ikinokonsidera na empleyado ang ilang mga independyenteng kontraktor. Tingnan ang Kagawaran ng Relasyong Pang-industriya ng California – [Independyenteng Kontraktor kumpara sa Empleyado](#) na webpage.

#### 18. Paano ko tutulungan ang aking mga empleyado na mabakunahan?

Para sa mga kawani na naghahanap ng mas marami pang impormasyon o nag-aatubiling magpabakuna, makipag-usap sa kanila sa konbersasyon [conversation] tungkol sa kanilang mga pagkabahala at tulungan silang makahanap ng mapagkakatiwalaan, makatotohanang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19. Maaari mo silang sabihan na sumangguni sa [VaccinateLACounty.com](#) para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan at bisa ng tatlong magagamit na bakuna sa COVID-19, at makahanap ng lugar sa pagpapabakuna na angkop sa iyong iskedyul. Libre ang mga bakuna at hindi kailangan ang mga tipanan (appointments) sa maraming mga lugar ng pagpapabakuna sa COVID-19. Ang impormasyon sa bawat lugar ng pagpapabakuna ay maaaring matagpuan sa website na nakalista sa itaas.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay laganap na makukuha sa Los Angeles County sa malalaking mga tingiang parmasya (hal., CVS at Walgreens), lokal na parmasya, at iyong regular na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Isalang-alang ang pag-aalok ng bayad na oras para sila ay makapagpabakuna, at kung kakailanganin, upang magpagaling mula sa anumang [mga epekto ng bakuna](#), na karaniwang nangyayari sa unang 2 araw pagkatapos magpabakuna. Isalang-alang ang pagdaraos ng [araw ng pagpapabakuna sa mismong lugar](#) para sa iyong mga kawani. Bisitahin ang aming lugar [ng kapartner sa pagbabakuna](#) upang makahanap ng listahan ng mga tagapagbigay ng bakuna na magdadala sa iyo ng lumilipat-lipat na klinika sa pagpapabakuna (mobile vaccination clinic).

#### 19. Paano naman ang aking kawani na kwalipikado sa eksemsyon mula sa patakaran ng pagpapabakuna?

Ang mga empleyado ay maaari lamang na magkaroon ng eksemsyon sa oras na magbigay sa amo [employer] ng form ng pagtanggap (declination form) na nilagdaan ng indibidwal na nagsasaad na ang manggagawa ay tumatangi sa pagpapabakuna batay sa mataimtim na pinanghahawakang paniniwala sa relihiyon o ang indibidwal ay pinapayagang hindi tumanggap ng anumang bakuna sa COVID-19 dahil sa Mga Pinapayagang Medikal na Kadahilanan. Ang mga form na nagbabanggit sa Mga Pinapayagang Medikal na Kadahilanan ay dapat na may kasamang sulat na pahayag na nilagdaan ng nanggagamot na doktor, nanggagamot na nars, o iba pang lisensyadong medikal na propesyonal na nagsasanay sa ilalim ng lisensya ng doktor na nagsasaad na ang indibidwal ay mayroong eksemsyon at ang malamang na itatagal ng kawalang kakayahan ng manggagawa na tumanggap ng bakuna.

Ang mga may eksemsyon na empleyado ay dapat na salain para sa COVID-19 nang hindi bababa sa isang beses kada linggo gamit ang COVID-19 o SARS-CoV-2 PCR o antigen na pagsusuri na nabigyan ng Awtorisasyon sa Emerhensyang Paggamit (Emergency Use Authorization o EUA) o inaprubahan ng U.S. Food and Drug Administration. Ang mga may eksemsyon na empleyado ay dapat ring magsuot ng maskarang pang-opera (surgical mask) o mas mataas na antas na respireytor [respirator] na aprubado ng NIOSH sa lahat ng oras.



## Ano Ang Kailangang Malaman ng mga Nightclub, Lounge, Bar, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak at Distilerya

### PANSAMANTALANG HINDI-EMPLEYADO, HINDI TUMATANGKILIK NA MGA BISITA

**20. Kailangan ba ng mga pasilidad na patunayan ang katayuan sa pagpapabakuna para sa mga teknisyen [technician] para sa regulasyon at serbisyong pagkukumpuni na pumapasok sa panloob na lugar upang magsagawa ng serbisyo? Halimbawa, mga kontraktor sa pagkukumpuni ng tubig at gas at pagmementena?**

Hindi. Ang mga pansamantalang bisita sa regulasyon at pagkukumpuni na nasa pasilidad upang magbigay ng serbisyo ay hindi na inaatasan na magpakita ng patunay ng pagpapabakuna upang makapasok sa mga panloob na espasyo ng pasilidad. Dapat silang magsuot ng maskara sa mukha habang nasa mga panloob na lugar. Ang inaatas ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa patunay ng pagpapabakuna para sa pagpasok ay naaangkop sa mga tumatangkilik (patrons) ng establisyemento.

### IMPORMASYON

**21. May ilang “Mga Utos ng Opisyal ng Kalusugan” na nailabas na. Paano ko malalaman kung alin ang kailangan kong sundin?**

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pinagtibay ang yugto-yugtong pamamaraan, batay sa mga lokal na pangyayari at panganib at suportado ng siyensya at kadalubhasaan sa pampublikong kalusugan, upang muling magbukas at pababain ang panganib ng pagkalat sa loob ng mga operasyon ng negosyo at sa komunidad. Dahil dito, mahalagang bisitahin nang madalas ang website ng Pampublikong Kalusugan para sa pinakabagong mga Utos ng Opisyal ng Kalusugan, regular na pagbabago, at pinakabagong gabay. Maaaring matagpuan ang mga ito sa [ph.lacounty.gov/Coronavirus](http://ph.lacounty.gov/Coronavirus). Karagdagan pa sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan, ang website ay may maraming mahuhusay na mapagkukunan tulad ng mga dokumento sa pinakamahuhusay na kasanayan para sa iba't ibang sektor ng negosyo at para sa publiko.